



KUNG MAGSASALITA ANG ALON

ni: DR. ARTHUR V. PASCUA

Hindi na maalala ni **John** kung kailan huling naging payapa ang dagat.

Ngunit kabisado pa rin niya ang tunog ng mga alon noong bata pa siya—mahihinhing humahalik sa baybayin na tila ba ipinapangakong mananatili ang lahat. Tuwing madaling-araw, bago pa sumilip ang araw mula sa silangan, gigising siya sa amoy ng asin at sariwang hangin. Bitbit ang isang tasang kape, uupo siya sa gilid ng baybayin habang unti-unting binibigyang-kulay ng araw ang langit. Para sa marami, isa lamang itong karaniwang umaga. Ngunit para kay John, iyon ang pinakamatapat na sandali ng kanyang buhay.

Ang dagat ang una niyang guro.

Dito niya natutunang lumangoy. Dito siya tinuruan ng kanyang ama kung paano igalang ang bawat alon at kung bakit hindi dapat mag-uwi ng isdang napakaliit pa upang mabuhay. Dito niya unang naranasang masugatan ng kabibe, matakot sa malalaking alon, at matutong bumangon matapos madapa sa buhangin.

Hindi man marangya ang kanilang buhay, hindi sila kailanman nagutom. Ang dagat ang bumuhay sa kanilang pamilya at sa halos buong bayan.

Kapag hapon, nagsisilbing liwasan ang baybayin. Habang inaayos ng mga mangingisda ang kanilang mga lambat, naglalaro naman ang mga bata ng habulan. Ang matatanda'y nagkukuwentuhan sa ilalim ng mga punong niyog. May mga magkasintahang tahimik na pinagmamasdan ang paglubog ng araw, at may mga turistang humihinto upang kunan ng larawan ang tila walang katapusang karagatan.

Minsan, sinabi ng kanyang ama habang kapwa sila nakaupo sa dalampasigan,

"Kapag nawala ang dagat, hindi lang kabuhayan ang mawawala. Mawawala rin ang pagkakakilanlan natin."

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VIII, Issue I

August 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Hindi iyon naunawaan ni John noon.

Hanggang sa dumating ang mga pagbabagong hindi niya maipaliwanag.

Unti-unting nag-iba ang kulay ng tubig.

Mas madalas nang nagdadala ng putik ang mga alon.

May mga bahaging dati'y malapad na pampang ngunit ngayon ay tila unti-unting kinakain ng dagat.

Napansin iyon ng mga mangingisda.

Napansin din ng matatanda.

Ngunit wala halos nagsasalita.

May mga nagsasabing normal lamang ang pagbabago ng panahon.

May mga nagsasabing likas lamang iyon.

May ilan namang nagsabing huwag na lamang makialam sa mga bagay na hindi nila nauunawaan.

Pinili ni John na makinig.

Hindi sa mga usapan.

Kundi sa dagat.

Isang gabi, dumating ang isang malakas na bagyo.

Hindi iyon ang unang bagyong dumaan sa kanilang bayan. Bata pa lamang siya'y marami na siyang nasalubong na unos. Sanay na ang kanilang komunidad sa paglikas, sa pagbabalik, at sa muling pagsisimula.

Ngunit nang sumikat ang araw kinabukasan, tila may bahagi ng kanilang bayan ang hindi na muling bumangon.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Ang kalsadang dati nilang nilalakaran habang nanonood ng pagsikat ng araw ay naputol.

Ang konkretong baybayin na saksi sa libo-libong alaala ay gumuho.

Ang lugar na minsang pinaglalaruan ng mga bata ay ngayon ay nakabitin na lamang sa gilid ng dagat.

Tahimik ang lahat.

May umiiyak.

May nakatulala.

May nagdarasal.

May naglilinis ng mga nagkalat na bato at kahoy na inanod ng alon.

Si John ay walang nagawa kundi titigan ang dating pamilyar na tanawin na ngayon ay tila banyaga na sa kanyang paningin.

Kinagabihan, binuksan niya ang isang lumang kahon.

Naroon ang mga larawan ng kanilang pamilya.

Isang litrato ng kanyang ama habang may hawak na lambat.

Isang larawan ng kanyang ina na nagtatawanan kasama ang mga kapitbahay sa tabing-dagat.

May isa pang larawan na kuha noong siya'y pitong taong gulang pa lamang—nakayapak, may hawak na saranggola, habang tumatakbo sa baybaying ngayon ay wala na.

Napaluha siya.

Kinuha niya ang kanyang telepono.

Pinagtabi niya ang lumang larawan at ang bagong kuha matapos ang bagyo.

Matagal niyang tinitigan ang screen.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VIII, Issue I

August 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Tatlong beses niyang binura ang isusulat.

Sa huli, anim na salita lamang ang kanyang iniwan.

"Naaalala mo pa ba ito?"

Ipinaskil niya ang larawan.

Pagkagising niya kinabukasan, libo-libo na ang nagbahagi nito.

May mga dating residente ng bayan na nasa Maynila, Cebu, at maging sa ibang bansa na nagkomento.

"Diyan ako natutong lumangoy."

"Diyan kami unang nag-date ng asawa ko."

"Parang kailan lang."

"Ang sakit makita."

Hindi nagtagal, dumating ang ibang mensahe.

Hindi na pampublikong komento.

Kundi mga pribadong mensahe.

"Burahin mo."

"Huwag mo nang palakihin."

"Mas mabuting manahimik ka."

"Hindi lahat ng katotohanan ay ligtas sabihin."

Hindi niya alam kung sino ang mga iyon.

Ngunit sapat na ang kanilang mga salita upang hindi siya makatulog sa gabi.

Minsan ay naisip niyang burahin ang kanyang post.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Isara ang kanyang account.

Kalimutan ang lahat.

"Siguro nga," bulong niya sa sarili, "mas payapa kung mananahimik na lamang."

Ngunit kinabukasan, habang naglalakad siya sa tabing-dagat, nakita niya si Mang Selo, ang pinakamatandang mangingisda sa kanilang bayan.

Tahimik lamang itong nakatanaw sa dagat.

"Naaalala mo ba noong maliit ka pa?" tanong ng matanda.

"Opo."

"Araw-araw kang tumatakbo rito."

Ngumiti si John.

"Akala ko noon, hindi magbabago ang dagat."

Napabuntong-hininga ang matanda.

"Hindi naman ang dagat ang unang nagbabago, anak."

"Naghihintay lang itong mapansin natin."

Matagal silang walang imik.

Tanging hampas ng alon ang maririnig.

Maya-maya'y nagsalita muli si Mang Selo.

"Kapag may sugat ang tao, nagsasalita siya."

"Kapag may sugat ang dagat, sino ang magsasalita para rito?"

Hindi nakasagot si John.

Sa gabing iyon, muli niyang binuksan ang kanyang telepono.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Ngunit sa halip na sumagot sa mga nananakot na mensahe, may iba siyang ginawa.

Nag-anyaya siya.

Hiniling niyang magdala ang bawat pamilya ng isang lumang larawan ng baybayin at isang kuwento tungkol sa kanilang dagat.

Hindi ito naging pagtitipon ng galit.

Hindi rin ito naging pagtitipon ng paninisi.

Ito ay naging pagtitipon ng alaala.

Sa lumang covered court ng barangay, isinabit nila ang mga larawan.

May mga batang ngayon lamang nakita kung gaano kalawak noon ang kanilang baybayin.

May mga kabataang natahimik habang binabasa ang mga kuwento ng kanilang mga lolo at lola.

May mga mangingisdang napaluha habang kinikilala ang mga kasama nilang matagal nang yumao.

Sa pinakadulo ng eksibit ay may isang puting tela.

Wala itong larawan.

Wala ring pangalan.

Iisa lamang ang nakasulat.

"Ano ang gusto nating ipamana sa susunod na salinlahi?"

Mahabang katahimikan ang sumunod.

Ngunit sa pagkakataong iyon, ang katahimikan ay hindi bunga ng takot.

Ito ay katahimikan ng mga pusong nagsimulang magnilay.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VIII, Issue I

August 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Pagkatapos ng eksibit, unti-unting nagsimula ang mga simpleng pagbabago.

Nagkaroon ng buwanang paglilinis sa dalampasigan.

Nagtanim ng mga punla ang mga kabataan.

Nagsagawa ng mga talakayan ang mga guro tungkol sa pangangalaga sa kalikasan.

Nakinig ang mga opisyal sa mga kuwento ng mga residente.

Nagkaroon ng mas bukas na pag-uusap sa komunidad.

Hindi nito naibalik ang dating anyo ng baybayin.

Hindi rin nito naibalik ang mga bahaging tuluyan nang nawala.

Ngunit may isang bagay na muling nabuo.

Ang pagkakaisa.

Makalipas ang ilang buwan, muling umupo si John sa tabing-dagat.

Bitbit pa rin niya ang kanyang tasa ng kape.

Hindi na katulad ng dati ang tanawin.

May mga sugat pa ring iniwan ang panahon.

Ngunit sa di kalayuan, may mga batang nagtatawanan habang nagpapalipad ng saranggola.

May mga mangingisdang muling pumapalaot.

May mga kabataang sama-samang namumulot ng basura sa dalampasigan.

At habang unti-unting sumisikat ang araw, naisip ni John na maaaring magbago ang hugis ng baybayin, maaaring mabura ang ilang alaala, at maaaring subukang patahimikin ang mga taong nagtatanong.

Ngunit hindi kailanman matatahimik ang katotohanan.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VIII, Issue I

August 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Sapagkat ang dagat ay hindi marunong magsinungaling.


Patuloy itong nagsasalita sa bawat hampas ng alon, sa bawat piraso ng lupang inaanod, at sa bawat pusong tumatangging kalimutan ang tahanang minsang yumakap sa kanila.

At marahil, ang tunay na **bores ng bayan** ay hindi yaong pinakamalakas sumigaw.

Kundi yaong may tapang na magsalita nang may paggalang, makinig nang may malasakit, at kumilos nang may pag-asa.

Sa huling pagsulyap ni John sa dagat, hindi na niya ito nakita bilang isang tanawin lamang.

Nakita niya ito bilang isang alaalang dapat pangalagaan, isang tahanang dapat ipaglaban, at isang tinig na, kahit walang bibig, ay patuloy na humihingi ng mga pusong handang makinig.



Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
